BAGO-PRIMARYA

Public education
**Discover a world of opportunities**

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## PAG-UNAWA SA MATEMATIKA


Naririto ang ilang mga ideya na makakatulong sa iyo na magdadala ng matematika sa buhay ng iyong anak:

- Sabihin nang malakas ang iyong iniisip kapag ginagamit niyo ang mga bilang, oras, posisyon at pagsukat upang malaman ng iyong anak kung gaano kahalaga ang matematika. Halimbawa: *Mayroon ba tayong sapat na mansanas? at Bilangin natin para makasiguro.*
- Himukin ang iyong anak na sabihin ang kanyang ginagawa. Tanungin niyo siya at hayaan din na siya ang magtanong. Ito ay makakatulong na maunawaan ang mga bagay at ang kanilang mga ginagawa. Ito ay isang mabisang paraan upang matuto.
- Gamitin niyo ang matematika at mga bilang kapag naglalarawan kayo ng mga bagay. Sa halip na sabihin lamang niyo: Ang timba, maaari niyong sabihin: *Ang 10 litrong timba*. Makakatulong ito sa pagkakatuto ng iyong anak tungkol sa mga ibat-ibang salitang ginagamit upang ilarawan kung paaano sinusukat ang mga bagay.

**Isara ang telebisyon. Higit na lalong makakapag-isip ng mabuti ang iyong anak kapag walang mga nangangambala.**

**Sundin ang gınintuang patakaran na 'kaunti at madalas' – ang kaunting minuto bawat araw na pag-aaral tungkol sa mga bilang ay higit na mabuti kaysa 30 minutong sesyon sa pag-aaral ng matematika.**

- Tanungin ang iyong anak habang gumagawa kayo ng mga karaniwang gawain upang magsimula siyang mag-isip at magsalita tungkol sa matematika sa murang gulang. Magtanong kayo nang kagaya ng: *Ilan ang nandito? Ano ang dapat daanan? Kakasya ba ito diyan? Sapat ba para sa ating lahat?* at *Gaano kalaki iyan?*
- Magpatulong sa iyong anak sa pagbubukod-bukod ng mga bagay sa tahanan ayon sa sukat, haba, kulay at hugis; halimbawa: ang mga butones, medyas, pansipit at bloke.
- Purihin ang iyong anak, kahit na mali ang kanyang sagot. Kung hindi niya alam ang sagot, bigyan niyo siya ng sapat na panahon upang malaman ito. Kung sakali mang tinulungan niyo siya sa pagsagot, pag-usapan niyo kung paano niyo nalaman ang sagot. Palalakasin nito ang pagtitiwala niya sa pag-aaral. Bigyan sila ng sapat na panahon para mag-isip at makasagot sa iyong mga tanong. Maging matiyaga.




Department of Education

**Matutunghayan ang marami pang mga pahina ng pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au**

© Department of Education, Western Australia, 2015